# [Kabanata ng] Sad,Hindi [kabilang] mula sa mga obligadong pagpapatirapa,At tunay na nakita ko ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na nagpapatirapa rito

Ayon kay Ibnu `Abbās, malugod si Allāh sa kanilang dalawa.-nagsabi siya: (([Kabanata ng] Sad,Hindi [kabilang] mula sa mga obligadong pagpapatirapa,At tunay na nakita ko ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na nagpapatirapa rito))
[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

Ang kahulugan ng Hadith:"[Kabanata ng] Sad,Hindi [kabilang] mula sa mga obligadong pagpapatirapa" Ibig sabihin: Ang Pagpapatirapang Pagbabasa na napapaloob sa kabanata ng Sad ay Sunnah at hindi obligado,Sapagkat hindi naisalaysay rito ang pag-uutos na nagpapalakas sa paggawa nito,Datapuwat naisalaysay ito sa pananalitang pagpapahayag,Na si Propeta-Dawud sumakanya ang pagpapala at pangangalaga ay ginawa niya ito bilang pagbabalik-loob sa Allah-Pagkataas taas Niya,At nagpatirapa rito ang Propeta natin-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-bilang Pagpapasalamat;dahil sa ibiniyaya ni Allah kay Propeta Dawud-sumakanya ang pagpapala at pangangalaga-na Kapatawaran,At pinapatunayan ito sa [Hadith] na naisalaysay ni Imam Muslim;Na siya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Ay nagsabi: (Nagpatirapa rito si Propeta Dawud bilang Pagbabalik-loob sa Allah,at Nagpapatirapa tayo rito bilang Pasasalamat [sa Allah] ))



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee